# Waiver sa Proteksyon ng Komunidad

## Pangkalahatang-ideya

Ang waiver sa Proteksyon ng Komunidad ay isa sa limang pederal na waiver ng mga Serbisyo na Nakabase sa Tahanan at Komunidad ng Administrasyon sa mga Kapansanan sa Pag-unlad ng DSHS. Nag-aalok ito ng mga suporta sa tirahan para sa mga indibidwal na hindi bababa sa 18 taong gulang at nakakatugon sa mga pamantayan para sa DDA at Programang Proteksyon ng Komunidad.

Ang mga indibidwal ay natasa na nangangailangan ng 24 na oras, on-site na pangangasiwa ng kawani upang matiyak ang kaligtasan ng kanilang sarili at ng iba. Dapat sumang-ayon ang indibidwal sa Plano ng Suporta ng Indibidwal sa Proteksyon ng Komunidad. Maaaring humiling ang isang indibidwal na ma-enroll sa isang waiver o ma-enroll sa ibang waiver anumang oras. Ang pagpapa-entol ay batay sa kapasidad.

## Kasama sa Mga Serbisyo

- Pantulong na Teknolohiya.
- Transisyon ng Komunidad.
- Mga Pakikiangkop sa Kapaligiran.
- Pagpuksa sa mga Surot sa Kama.
- Indibidwal o Grupong Sinusuportahang Trabaho.
- Indibidwal na Teknikal na Tulong.
- Mga Occupational, Speech at Physical Therapies (para sa mga adulto, kapag hindi saklaw sa ilalim ng mga benepisyo ng plano ng estado).
- Habilitasyon sa Tinitirhan.
- Pagtatasa ng Panganib.
- May Kasanayang Pag-aalaga (mahigit sa edad na 21).
- Espesyalisadong Kasangkapan at Kagamitan.
- Espesyalisadong Ebalwasyon at Konsultasyon.
- Mga Serbisyo sa Pagpapatatag-Espesyalisadong Habilitasyon.
- Mga Serbisyo sa Pagpapatatag-Konsultasyon sa Kawani at Pamilya.
- Mga Serbisyo sa Pagpapatatag-Kama sa Libangan sa Krisis.
- Konsultasyon ng Kawani at Pamilya.
- Transportasyon.



## Pagiging Karapat-dapat

Mga kliyente ng DDA na:

- Nakatutugon sa mga pamantayan ng Kapansanan sa Social Security.
- Nakatutugon sa mga pamantayan sa Antas ng Institusyon ng Pangangalaga.
- Nakatutugon sa mga pamantayan ng kita at mapagkukunan para sa Apple Health ng Washington. (Kita at mga mapagkukunan ng kliyente).
- Ay isang mamamayan ng US o pederal na kwalipikadong legal na residente.
- May pagtatasa ng DDA at Plano ng Serbisyo na Nakasentro sa Tao na naglalarawan kung paano matutugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan, kaligtasan at habilitasyon ng kalahok sa komunidad.
- Tumatanggap ng mga serbisyong nakabatay sa tahanan at komunidad bilang alternatibo sa mga serbisyong institusyonal.
- Ang mga kalahok sa waiver sa Proteksyon ng Komunidad ay dapat ding matugunan ang mga pamantayan ng Programa sa Proteksyon ng Komunidad sa WAC 388-831-0030.

*(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)*

Makipag-ugnayan: **Ann Vasilev,** *Tagapangasiwa ng mga Serbisyo sa Waiver* • Ann.Vasilev@dshs.wa.gov • 360-407-1500
Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: https://www.dshs.wa.gov/dda/

## Mga Rate

Ang mga serbisyo ng waiver ay inihahatid ng maraming iba't ibang kinontratang tagapagkaloob ng serbisyo na ang mga rate ay nakadepende sa serbisyong inaalok. Ang mga rate ng serbisyo ay matatagpuan sa: https://www.dshs.wa.gov/altsa/management-services-division/office-rates-management.

## Badyet

Ang kapasidad para sa waiver ng Proteksyon ng Komunidad ay hanggang 433 na indibidwal. Sa estado ng FY23, 391 na kliyente ang napagsilbihan sa waiver ng Proteksyon ng Komunidad sa average na gastos na $21,798 bawat buwan.

Ang mga waiver ay limitado sa average na halaga ng Pasilidad para sa Intermediate na Pangangalaga para sa mga Indibidwal na may Intelektwal na Kapansanan para sa anumang kombinasyon ng mga serbisyong kinakailangan upang matugunan ang tinasang pangangailangan ng kliyente. Hindi maitatanggi ng DDA ang mga serbisyo sa mga taong nasa waiver dahil sa kakulangan ng pondo, kaya maingat na sinusubaybayan ang mga gastos sa waiver.

## Tagapangasiwa

### Panlabas

- Dibisyon ng mga Serbisyo sa Residensiyal na Pangangalaga.
- Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid.
- Pambansang Proyekto sa mga Ubod na Palatandaan.
- Opisina ng Auditor ng Estado ng Washington.
- Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington.

### Panloob

- Opisina ng DDA ng Programa at Pagpapaunlad ng Polisiya.
- Opisina ng DDA sa Pagsunod, Pagsubaybay at Pagsasanay.
- Opisina ng DDA sa Pagsiguro ng Kalidad sa Pagsunod at Transisyon ng Tagapagkaloob Paniniguro ng Kalidad.



## Awtoridad

- Pederal na pagpopondo sa ilalim ng seksyon 1915(c) ng Social Security Act, mga Waiver ng mga Serbisyo na Nakabase sa Tahanan at Komunidad at pagpopondo ng estado.
- Kabanata 71A RCW, Mga Kapansanan sa Pag-unlad.
- Kabanata 388-845 WAC, Mga Waiver ng mga Serbisyo na Nakabase sa Tahanan at Komunidad ng DDA.